

Presidential Communications Office

Presidential News Desk

SPEECH OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

DURING HIS MEETING WITH THE

FILIPINO COMMUNITY

IN HONG KONG

[Delivered at Kai Tak Cruise Terminal, Kowloon, Hong Kong | 12 April 2018]

Salamat po. Thank you for your courtesy.

I'd like to mention a few of our --- the members of my entourage.

Philippine Foreign Affairs Secretary Alan Peter Cayetano and his lovely wife Taguig City Mayor Maria Laarni. Si ma'am... [applause] Tindig ka muna ma'am para makilala... Si Laarni, Mayor ng Taguig; Labor and Employment Secretary Silvestre Bello from Isabela; Davao City Mayor Inday Sara Duterte-Carpio [applause] and her son si Stingray; the National Defense Secretary Delfin Lorenzana, from Ilocos Norte [applause]; tapos sa Energy Secretary Alfonso Cusi ng Mindoro [applause]; 'yang mga tribo nila; Chief Presidential Legal Counsel Salvador Panelo, Bicolano 'to [applause]; Presidential Communications Secretary Martin Andanar [applause]; Presidential Adviser Secretary Francis Tolentino [applause]; and Mindanao Development Authority Chair Datu Abdul Khayr Alonto. He's a Maranao. [applause]; and si... [wala ditong DTI?]; si... sorry, Boy dela Peña sa DOST. [applause] Hinahanap ko 'yung isa. [Who's absent?] Ah 'yung DTI; ang ating paboritong senador si Bong Go [applause].

You know, ang buhay talaga ay --- even it would be realized or not, life is really very funny. Of course, 'yung presidency it's a God-given gift. Galing Diyos talaga 'yan.

But ito si Bong Go naman has been with me for several years. Ito 'yung taong mahiyain. But for one reason or another, he got into some kind of a whirlwind na chismis diyan sa Congresss.

And ito namang mga kalaban thought na may pera diyan. 'Yang magnanakaw ganun 'yan eh. So they smell in every transaction money. Actually, we had nothing to do it. Na tinawag nila ito si Bong sa Senate.

You know, sabi ko sa kanya, first he was about unsettling. Hindi mapakali. Sabi ko, Bong... Actually sa totoo lang. Kasi wala naman talaga. There is no business transaction, either sa train, sa bridge or sa highway. It does not reach my table. Iniiwasan ko talaga 'yan.

So ikaw ang Secretary ng Labor, iyo lahat ‘yan. Secretary ka ng DTI ito lahat ‘yan. You sign the contract, you review the contract, make sure it is correct or otherwise you go. Ganun lang ako at marami na. Several of my Cabinet men. Ang masakit they were my appointees.

So itong kay Bong, sabi ko, “Bong, this is gonna be your ticket to being a senator.” Matagal na ako sa politika eh.

Once you harass a person and that person is really very good in the eyes of the public perception and [unclear], ginagawa mo lang hero eh. Kita... Without campaigning, naging senador na tuloy. Bong Go na, tawag sa kanya senador na. Marami naman siyang fans na hindi naman niya kilala.

Eh kung boboto pa ‘yung taga-Hong Kong, ah sigurado. Eh Chinese to eh. [laughter] Just like my grandfather, grandfather ni Bong, we are of Chinese descent. That is why sa karami dito, dito pa lang si Hong Kong... Well maybe, maybe not but it’s really part of destiny.

Ito, itong pagka-Presidente ko po, talagang handog ng Diyos sa akin. Kayo ang binigay sa akin. [applause] When I say, “ikaw,” kayong lahat ‘yan.

Hindi pa ako nakapag-salamat sa inyo. I have yet to make a --- make the rounds. But I’m going to Kuwait maybe for the signing. Alam mo, I do not want to --- kumalma naman.

And I have made so many demands before we sign the contract. And in fairness to the Kuwait government, pumayag sila. Sabi ko, “without these conditions,” sabi ko kay Bebot Bello, “we will just have to bite the bullet.”

At sinabi ko sa Cabinet ng meeting, mahirap lang tayo. There’s not enough for everybody. But if everything goes wrong here, we have to accept our countrymen and spend all available money para makatulong sa kanila.

“Bahala na,” sabi ko. Sinabi ko sa mga taga-Kuwait, in my address to them, “magtiis tayo and maybe there’s always God who thinks about equality in this planet.”

Tutulungan rin tayo ng Diyos. Maganda naman. And I think that to give honor also to the Kuwaiti government, I will go there for the signing just to witness it. Back ano lang --- fly in, fly out lang ako.

So one of my demands is that there will be a vacation pay nila. One day per week sila, meron na silang day off. Then that they be... [applause]

That they be allowed to retain their passport. No confiscations. No nothing. And they have the cellphones, they can possess or otherwise use it all throughout. So that kung may reklamo sila, they can go direct to me.

You just... my number is probably Manila is 63 8888. That’s the hotline. 8888 lang. Pero ‘yang 8888 na ‘yan, ni isang 8 wala akong grado ganun kataas ha. Puro 75 lang ‘yan.

Then they should be allowed to cook their own food. If those are complied, sabi ko, “well, there would always be exception.”

But fundamentally, if it is written into the contract, I would insist that they would honor every word for it. So okay na ‘yan sa akin. At any time, pupunta ako.

I’m so happy to see you. Naka-Amerikana halos lahat. Naka-Amerikana po ako pero maong ‘to ha. [laughter] Pantalon ko corduroy. [laughter] Hanggang diyan lang ako.

You know, I have this allergy actually. I cannot mix it up with itong mga polyester, artificial. Nagkakaroon ako ng rashes, lalo na sa...

That’s why lahat ng pantalon ko, maski anong kulay corduroy ‘yan. Maitim, gray o whatever. Hanggang cotton lang ako. Because there’s something wrong with my body so I have to respond to it appropriately also.

Otherwise, mag-sige ako kamot. Lahat ng parte ng katawan ha. So I’d be itchy. I’m not comfortable. Itong ganito, okay naman ‘to sa Pilipinas. Wala naman tayo...

Now, I’d like to talk about the situation of the China-Philippine relationship. China has been very, very good to us.

As a matter of fact, among other things amounting to --- of course, billions ‘yan. I got a gratis, grant, bigay, walang ano..

It’s 500 million yuan. That will be about four billion. [applause] So unahin ko muna ‘yung mga ospital, tapos ‘yung sa Marawi because that is really the job of government.

It is not only a commitment, it is a duty that belongs to us. Dito ito sa social welfare... Huwag ho kayong --- Do not worry about our country. We are safe. We are good. At... [applause]

Palagay ko naman there has been a lessening use of drugs, criminality, terrorism, and all. But let me just --- Ako po’y, I promised you the fundamentals of governance.

Sabi ko sa inyo, I will stop graft and corruption. Graft and corruption is being pursued relentlessly.

Halos linggo-linggo nag-fa-fire out ako. Ang masakit pa sa akin, ‘yun pa ‘yung unang nilagay ko sa pwesto na tumulong sa akin nung eleksyon. And even those who worked for me during my mayorship days for 23 years. Eh ganun talaga ang tao eh.

So I said, I will stop graft and corruption. I am in the process of doing it. I am complying with my duty. And if you go home now, sinasabi ko naman, wala na ‘yung bukas ng bag, wala na ‘yung harassment, wala na lahat. [applause]

Basta diretso na lang kayo. Wala... Sabi ko sa lahat sa taga-gobyerno, alam nila 'yan. Huwag ninyong galawin ang ordinaryong taong Pilipino. [applause]

Kung maghingi kayo ng pera, doon kayo maghingi sa mga mayaman. 'Yung milyonaryo kasi sila ang pwedeng magbigay. Huwag 'yung mahirap kasi magka...

That is why 'yung tanim ng bala, p***** i** mo, ipakain ko talaga sa'yo 'yan. [applause] Sige ka tanim. Itanim ko kaya sa bituka niyo. P**** i**.

So all of these things, there was this bag that was opened. Unfortunately, it happened along the way sa --- hindi naman dito kasi kukuha na sa camera eh.

So ganito ang sikreto diyan. Huwag kayong pumayag na ano. Kasi 'pag-deplane niyan, lahat ng bagay pati tao would pass security checks. 'Yung bag ninyo doon sa bodega, may security cameras nandoon. So makikita na 'yan kung anong laman bago aakyat doon sa conveyor.

There's really no need to open. That was my first order sa --- Huwag ninyo akong bigyan ng p**** --- b***** na may bala o mga bag binubuksan ninyo. Nakikita ko sa TV.

And I will change you not one but by contingent. 'Yung chief ninyo diyan sa pulis, alis 'yan lahat. Kasalanan ng isa, kasalanan ng lahat.

Kaya naawa ako doon sa ano --- [cheers and applause] 'Yung MIASCOR, nag-warning na ako. Sinasabi ko noon, pinatawag ko sila kasi nga nabukas 'yung sabi ko, "one more zipper..." [Speaks Bisaya] [laughter]

Eh kasi kayo, ayaw ninyong mag-aryl ng Bisaya. [laughter] 'Yung... it's torn apart actually. So sabi ko, "isa pa, lahat kayo..." [Unfortunately?] 'yung MIASCOR who have been there decades, eh sila 'yung handler doon. 2,000 nawalan trabaho.

I'm sorry. I told you. Isa lang magkasala... Para lahat magbantay. Pero kinausap ko naman 'yung isang handler rin. Sabi ko, "i-absorb mo na lang 'yang mga tao, kawawa eh."

But they have been desperate in trying for the restoration of their contract. 'Pag nabitawan ko na salita ko, wala na 'yan.

By the way, before I continue we have several personalities here. Si Governor ng Batangas, Mandanas. [applause] Ang mutya ng Illocandia, Imee Marcos. [applause] Then si Wes Gatchalian ng Bulacan. [applause] [unclear] si Villafuerte sa Camarines.

Itong si Bertiz. Hawakan ninyo 'yan. Kasi 'yan lahat ang nagbigay sa amin, the eye-opener of what the situation is really in the Middle East.

Matagal nag-trabaho 'yan. [applause] OFW rin 'yan. Arthur Yap. Then sa Development Corporation ng sa Agriculture. Ikaw na 'yan, bakit sige ka tingin doon sa likod. [laughter] Sino pa bang iba? Si --- I'm sorry, I forgot.

Tatay ni ano, taga-Bohol. Si Art Yap. Then [unclear] Cayetano. Si Mocha. [applause] Si Tony Boy Floirendo. [applause] Then si... [Ma'am nakalimutan ko 'yung pang...] [Mary?]

And... did I miss somebody? Mga taga-Cebu, I don't know if they want to be mentioned. But ang balita ko na gustong mag-senador and I think he would qualify for --- si Mon Tulfo. [applause] The hard-hitting...

Kagaya ko, sabihin ko na rin ang apan sa Bisaya. Ang apan is but. Kayong mga girls, 'yung magaganda diyan. Huwag kayong lumapit sa kanya. [laughter] Delikado kayo baka ma-[harvest?] rin. Well, he's known to be like a ladies' man. So wala tayong magawa diyan.

Let me for the first time --- the Chinese government and the people of China have always been waiting for this. There has been no official apologies coming from the Philippines regarding that incident that happened in August of 2010.

May I address myself to the Chinese people who are here, who are with us, who joined us. From the bottom of my heart, as the President of the Republic of the Philippines and in behalf of the people of the Philippines, may I apologize formally to you now. [applause]

We are sorry that the incident happened and as humanly possible, I would like to make this guarantee also that it will never, never happen again. Thank you for... [applause]

I hope this would go a long way to really assuage the feeling of the Chinese people and...

Wala kasing apology na ano eh, coming from the mouth. So ako na. Eh nangyari sa panahon natin, this generation. So it is only right that --- lives were lost under our jurisdiction, so what is really needed is just to say: We are very sorry. We apologize. [applause]

Nung pagpunta ko doon sa... 'yun nga marami tayong nakuha sa trade agreements and these will --- lahat ng trade, lahat ng ano baka hindi matatapos sa term ko. But anyway, kung sino mang presidente...

Bawal na po sa ang Constitution ang... So hanggang --- at saka by that time, matanda na ako.

Then I promised you about corruption. Lahat sinabi ko, ginagawa ko na. Sabi ko, I will go after drugs. [applause]

Kaya, sabi nila, merong mga human rights na --- Kasi raw pinapatay ko. Mabuti pa kayo alam ninyo. Basta ang sinabi ko, when I was mayor, I said to everybody: Do not destroy my city. I am not a policeman. I am not a soldier but I build my city. You destroy my city, I will kill you. [applause]

You destroy the young, 'yung mga anak namin, 'you destroy their lives and you destroy everybody, I will kill you. [applause]

So ngayon na Presidente na ako, puro “I will kill you.” [laughter] But that is precondition, I said, do not destroy my country and do not destroy the young people of this...

Alam mo, nasasaktan ako. Talagang mag-eemosyonal ako kasi anak lang ako rin ng mahirap.

I know... Ang nanay ko... My wife, OFW rin ‘yan. ‘Yung sa labas, halos --- not all, but ‘yung incidence of abuse, physical abuse, rape, brutality and all hunger, tinitiis nila ‘yan because they have to remit the money to allow their children to continue with their education.

And here you come, ‘pag malaman ninyo na ang bata may pera, steady. [Dinidiit?] ninyo ‘yan parang --- hanggang, hanggang maloko.

‘Yung iba nga tinitiis, five years hindi na nakauwi. Kausap ko kanina. Imagine, she left the Philippines when the child was born. The child is now nine years old, may sakit na. Kaya sabi ko, umuwi ka.

‘Yung mga ganun tapos ang gawain mo sa bata ganun na lang. T*** i** mo hindi kita papalusutin. Hindi ka talaga...

Bahala na kung anong sabihin ng iba. I do not have to answer to anybody. Only to the Filipino people. [cheers and applause]

I don’t give a s*** about ‘yung kung anong sabihin nitong mga puti, lalo na itong mga puti. Puting itlog. [laughter] Eh nakakainis eh. Alam niyo ‘yung sinabi ko? Tanong lang kayo ng Bisaya kung ano ‘yan.

Look what happened. They have their own problem, they have declared a national emergency. And what did I tell them about six months ago?

You know, you United States. Don’t... because one day you will realize to your sorrow that your problem is 10 times more serious than we are.

Sila ngayon, tokhang sila. And yet nung tokhang si Bato, nung nag-uso ng tokhang. Anak ng jueteng, kung anong inabot ng kalbo. [applause]

Ngayon, sila nagto-tokhang na. Sabi ko, see, see the irony of life. And I always play satire. Satire and sarcastic talaga ako mag...

Tapos sabi nila na idemandaw ako sa ICC para kulungin. Buang. [laughter] Sabi ko sa kanila, mas bright ako sa inyo. [applause] Maski 75 lang ho ako, maski pa-maong-maong lang ako. They criticized me for --- ‘yan, hindi daw marunong na magdamit.

Totoo, wala man akong --- Ayoko ‘yung... T*** i**, ang kakati niyan. [laughter] Gusto ko ito lang, ganito. Eh anong diperensya kung --- Kasi daw maski in front of, ‘yung sa ASEAN, binababa ko raw ‘yung kurbata hanggang dito.

Hoy mga u***. Hindi ako sanay ng kurbata. Barong lang ako. [garbled] Hindi na lumalabas ang boses ko. [laughter] Ginaganun eh. Hindi nga ako marunong magtali.

Alam mo sinong mag-kurbata sa akin? Itong mga security. Sila 'yan. Hindi naman ako marunong mag... Eh ang nasanay ko, eh Pilipino ako kurbata lang.

Well anway, ganun. Then I said, ginagawa ko ha. Corruption, nababasa ninyo, naririnig ninyo. Droga, I'm doing something about it.

Marami silang sabi, patayan, extrajudicial killing. Forget it. Huwag kayong maniwala niyan. Basta tutok lang tayo kung ano ang maganda para sa bayan natin. Para sa... [applause]

My being the President is to make sure --- hindi na sa atin, nandito na tayo. Napasubo na tayong lahat. 'Yung mga anak na lang natin. Bigyan ng edukasyon at magandang... Hanggang diyan lang ako diyan sa droga-droga na 'yan. Talagang mainit ang ano ko...

Then, sabi ko I will talk to the enemies of the state. Nag-uusap kami ng NPA. Meron ba ding mga aktibista dito?

Sabi ko, ano man nagawa ninyo para sa bayan? Kaya 'pag na-deport kayo, hindi ko rin kayo tatanggapin. P***** i**.

You know, you must respect China. Obey the laws here because it's good. Ang sabi ko noon pa, I do not intervene lalo na sa --- lahat, basta krimen. So tayo sa Pilipinas ganun naman.

We just behave. Follow the law. It's meant to be good for everybody. And we are lucky I said, here is China not only helping us, helping us with the much-needed money. Saan ka makakita ito --- I got a five million. So that would...

Huwag kayong maniwala. Everything is accounted for. As I have said, wala akong transaction ng MRT, LRT, o 'yung mga bridges. Nasa kanila lang 'yan. Huwag kayong maniwala diyan sa mga...

Walang tuma --- magtanong ka maski sino. Walang umaabot ng... Akin 'yung mga promotion, military appointments ganun. Pero I do not tinker with papers and transaction. Ayaw ko kasi 'yun ang minsan ang pitfall ng --- diyan mag-umpisa 'yung chismis eh.

Huwag kayong maniwala 'yung mga loko-loko. Walang ginawa 'yan kung hindi sirain ang bayan natin. Kayo, maniwala kayo. Ako, thank you I said for giving me that overwhelming victory which contributed...

I got 16 million. Six of which was really my margin over my next opponent. So 'yan lang nakakahiya na kung hindi ako maka-deliver. [applause] Kaya bantayan talaga nila 'yang salita ko.

‘Pag ako ang nagbitaw sa publiko, statement, ‘pag magsabi ako na... [Hindi, natumba lang ‘yan...] We are all protected by --- there are a lot of securities around.

‘Pag ako ang nagsalita sa publiko, ‘yan na ‘yan. Hindi mo ako mapabawi. Kung hindi nga makaya ng nanay ko pabawi ako, kayo pa. [laughter] Totoo.

That’s why when, ‘yung the lady was singing, ‘You Raise Me Up,’ ‘yan yung panahon kasagsagan kasi kanta ni Josh Groban and I was singing that song.

Actually, ‘yang kanta na ‘yan has a religious flavor. It’s an Irish tune. And in their fight for their freedom, the civil war, ‘yun ang kinakanta nila. Inabot na lahat ng ano...

‘Yang ‘You Raise Me Up’ ang tune --- not the lyrics, but the tune is [unclear]. It’s a song of --- ‘yung hirap sa buhay. Hirap sila talaga noon because the [unclear] and there was war. May religious ano ‘yan meaning.

So dito tayo balik kay, sa Sison... Medyo merong usapan kami, minsan ayaw tapos mag-usap. But there was a point when I had to say, I’m sorry. And that was --- gusto nila coalition government, na they join government.

Alam mo ang ating Constitution, kayo nasanay kayo lahat eh, na ang leaders natin are elected. Sovereign power, hawak ninyo, ‘yung boto ninyo. Kaya talaga kung ano, even if you lose or make the wrong --- kung ‘yan ang gusto mo, ‘yan because that is the sovereign power that you hold collectively that is sovereignty.

The Constitution requires na ‘yung mga tao na inaatasang mag-hawak ng powers kagaya ko, to appoint everybody. It’s an exercise of sovereignty which is given by the people to me.

But I have to be elected. Hindi ‘yang pwede na hindi ka tapos hindi ka elected makisali ka lang. Hindi talaga pwede ‘yan. Sabi ko, out of the question. Talagang I’m sorry.

Pero ngayon, we have progressed a lot and maybe in the coming days we see new developments ahead.

‘Yung dito sa MI pati MN, we are hanging on to the passage of the law and Congress is going to take it up. May matatapos daw.

So ‘yan and then I said, ‘yung panghuli ko is I will not intervene in the financial activity of the government. I would leave it to the economic managers. Hindi ako makialam.

[unclear] decide what is good for the country and I seldom --- ‘yung ano ko lang, nakialam lang ako doon sa importation sa rice. It was a bit confusing, sending the wrong signal so I authorized si Jason.

Sabi ko, go ahead and import, without the need of an authority ng national rice council. Palagay ko kung hindi ako nag-decide on time medyo magulo na ngayon.

Sabi ko, sige you import. Wala na ‘yung council-council na ‘yan. You do it next time but not now. ‘Cause I recognized that the red flags were already there. So ‘yan lang nga ang pinangako ko. Simple lang pinangako ko.

Maraming dumating. Ayaw ko naman kasi mangako kasi baka hindi magkatotoo. The first thing I did was to go to China. Kasi ‘pag... Mataas na istorya but parang niloko tayo ng Amerikano.

Sabi kong ganun, eh ‘di magpunta ko. Sabi ko, I come here. Sabi ni Xi na, President Xi: It’s okay, I can give you the arms. Pumuputok ng ano eh --- [applause] pumuputok na ‘yung Marawi.

So pumunta akong Russia, on the day nandoon ako, pag-landing ko, pumutok nga. So naipit tayo ngayon. Kulang ng armas eh. So I had to explain to President Putin and to President Xi that...

Sabi nila, libre. And to this day, to the credit of China and Russia, ni papel o pencil, hindi naghingi sa akin until now. [applause]

Kaya marami tayong utang na loob. We have so many favors received to thank China for. All I ask is that we just follow the rules.

And by the way, they will start to import 100,000 teachers. 100,000. [applause] Oo. English lang. Gusto ng China, lahat ng Chinese English speaking. So by the time na ‘yung America, hindi man nakabayad sa utang niya sa China, trillion na.

Pagdating ng mga Chinese doon, parang kanila na talaga. Hindi sila maninibago. Oo, puro na sila English speaking doon. Eh ganun eh.

So 100,000. Those of you who are here qualified to teach, you might also be given priorities. Nandito na kayo eh. ‘Yung mga English teachers. Marami kayo. [applause]

So ‘yun ang maganda ang nakuha ko. And many more. But I do not have the time and I am sure that everybody of you gusto na ring umuwi kasi hanggang ---

Hala, hanggang alas sais lang ang ibinigay sa inyo. [laughter] Alas otso. Hindi ganito na lang. Basta we’re doing all right except for a few who are undermining the government. I cannot talk about it because it’s confidential. Because I know. Pero sige lang. Hayaan ko lang muna na ganun.

But there is always a time to respond to that. As of now, we are okay. Everything is good. What I can assure you is that corruption is to the barest minimum. Wala na ‘yung mga kontratang bilyon-bilyon na. [applause] Wala na ‘yan. Mga kontratang MRT na mga bulok na...

It’s you, it’s either you do your job or I fire you. Ako pa naman ang nag-fa-fire out, nandiyan na ‘yan sila. Diyan sa, diyan mismo sa Senate. Sinabi ko sa kanya, “b***** I do not want to see you again. Get out of this room.” Ganun lang, ganun ka-simple.

Inabot ako ng init ng... Sinabi ko talaga. "You, go out of this room. I do not want to see your face again." Ganun ako siyempre mag...

Pero kung maganda ka na trabahante, you, you stay. You cook dinner for me. And we will talk.

So may... Ang mga taga-Macau pala nandito rin. [applause] Ay susmaryosep. Kaya pala mga sugarol ang mukha. [laughter] Sige kayo siguro sa... Kaya pala. Kaya pala malalaki ang braso. Sabi ko, nakatingin...

Everybody, basta ako if it translates to something love of country, love of my fellowmen. Mainit ako diyan lalo na 'yung Pilpino. Hindi ako nagbo-bola. Tapos na ang eleksyon. Hindi na ako makatakbo uli.

Pero sabi ko sa kanila, talaga ninyo 'yun. Huwag na huwag ninyong galawin 'yung maliliit na tao. [applause] Kasi 'yung maliliit na tao, 'yun 'yung nangaliangan ng gobyerno. These are the guys who would need the help, our government, just to be there.

'Yung mga mayayaman, hindi na kailangan 'yan. Pwede na ninyong nakawan, sabi ko --- [laughter], pwede ninyong holdapin. [laughter]

Huwag 'yang maliliit kasi 'yang maliliit kasi... Ang maliliit kasi, walang ibang sumbungan. Walang ibang sumbung is --- [Ano bang sumbung sa Tagalog?] [laughter] [Sumbong rin?] Walang matawagan.

So ang... ganito kasi eh. Ang problema, kayong taga-goberno, hindi nila naintindihan. Huwag ninyong galawin 'yang maliliit na tao kasi 'pag nagreklogo 'yan, ang diretso niyan, sa akin. [applause]

Hindi man 'yan magpunta sa pari kay kolektahan pa 'yan ngayong Linggo. [laughter] Maglipat na lang kayo ng relihiyon, buti pa. Sa totoo lang.

Meron akong chapter dito, bago. Sineset-up ko. Iglesia ni Duterte. [laughter] 'Yan walang bawal. Lahat gagawin mo. Walang bawal. Lahat ng gusto mo. Huwag lang 'yang, you know, not the things that would be wrong here. You're not supposed to do that. Observe the law. China loves us. We love China and we have this enduring friendship [applause] at least for my time. So ganun lang 'yan.

Now that's the philosophy behind. Tingnan mo. Sinipper (zipper) --- nasira lang 'yung zipper o. O tingnan mo ano nangyari. Eh 'di 2,000 walang trabaho. Sinabi ko kasi p* --- tinawag kasi.

First time sabi ko, pinatawag ko 'yung manager ng NAIA, Clark, pati si Tugade. Sabi ko, "maulit ito, larga kayong lahat. Alis."

Mabuti't na lang na it was proven that it was done, it happened while in transit.

Pero ang MIASCOR wala na. So 2,000 lost their jobs. Kasi sinabi ko eh. 'Pag magbitaw ako ng salita, bantay ka. Talagang...

'Pag sinabi kong upakan kita, upakan talaga kita. Wala ako. I understand you. Sabi ko ngq, Honeylet 'yung --- my partner now is an OFW. Pare-pareho lang tayo dito.

Eh kung ako na hindi na... na-mayor, na-gobernador --- ah na-Presidente na, magkita-kita tayo dito.

Unang-una, mahirap lang rin ako kaya... I'd like to express it in the Visayan. Ako lang 'yung maka-tugkad. I am the only guy naging Presidente na who can fathom, 'yung maabot ko talag 'yung sentimente. [cheers and applause]

Nung mayor pa ako, napaka-istrikto ko, hindi ako tumatawa. Alam ng tao strikto ako sa Davao pero 'pag nandiyan ako, magmura ako kung mag-anon, okay lang sa kanila and they liked it because stickler for discipline.

So with that message, kung ano man ang ano, kung kayong mga taga-Davao, you can always go to Inday. I think Inday has --- maybe she's going to run again as mayor. Si... si... 'di ko pala... Si Roque nandito. Presidential Spokesman. Tumindig ka [garbled]

Bantay ka diyan kay pakipag-away 'yan, daldalan blues 'yan, hindi mag-surrender. So ang kinakampanya ko dito... O si Francis Tolentino. He lost but --- napakabait na tao 'to. Sa totoo lang. Talagang maski matanong ninyo sa Cavite, mabait na --- hindi nagmumura 'yan. Ni hindi ko nagrinig nag-p***, nagputak-putak ng p***** i** 'yan.

Si... Well, Tabaquero. Anyway, si... ang aming fashionista 'yung si Panelo. [cheers] Minsan diyan siya nagba-barong. Sa China nag-barong. Walang... walang ganito, 'yung t-shirt. Hubad. Nag-barong lang. Kumakain ako nakikita ko kalaki pa ng... [laughter]. Hindi, nagtatawag-pansin lang 'yan para --- ah, ewan ko. Siguro... Pero fashionista talaga 'yan. Bantay ninyo.

Ako simple lang, trabaho. Kaming mga official. Pero huwag ninyong sanayin 'yung sa official-official. Trabajante lang rin kami. Mas mababa kami.

Kayo dito, 'yung employers ninyo tapos kayo, tapos kaming mga empleyado ninyo. [applause] So I'd like to address everybody: we are workers of government. Inordinate [unclear] paano-ano. Worker lang eh, trabajante kami sa gobyerno. Bayad kami.

Kayo, 'yung mga amo ninyo, kayo, kami lang ang nandito. But you know, I said, sovereignty cannot be [unclear] everybody, so you have to do it by elections and then 'yung panalo, 'yun ang... So 'yan nga.

Mocha pala I think is also running for senator. [cheers and applause] Wala mang ibang mukha na senador na mukhang senador. Ikaw [unclear] Ganun rin ito. Trabajante ito.

Alam mo 'yan elite ng Maynila, 'yung isang lugar 'yang mga, 'yung ordinaryong tao, 'yung ano lang 'yan, demographic migration. Pero in a place meron talagang the elite hundred of society. 'Yun ang ayaw --- lahat pati sa akin. 'Yung hindi mo mapa-ano...

Talagang mga elitista, lalo na mayaman. O ngayon, 'di ubos sila. Lahat bayad. [laughter] Oo, ilang ano na, presidente na wala.

O 'pag ako, 10 days. Ayaw mo? Sirado ka. Ikaw, ayaw mo magbayad? Sampalin kita, p***** i** mo, [dugay?]... [laughter] Ganun lang 'yan, eh ayaw mo ng pakiusapan 'di sampalan tayo, okay rin ako.

So anyway, I hope to come back someday inshallah, inshallah. [applause] Nanay ko kasi mestiza Maranao. Ang tatay ko Chinese. Lam. Lam ang --- my grandfather was Lam but my grandmother was a half-Maranao. So okay ako mag-tingin ang tao.

I look at everybody as equal. Walang elitisa-elitista sa gobyerno ko. I do not want it. At walang special ano. Hindi nga 'yan sila makagamit ng Number 6.

Eh Pilipinas, sanay lang 'yan. Kung official ka, President 1, 2, 3. Cabinet member, 6; 7 ang mga Senador; 8, representative. With due respect, I do not allow Cabinet members to. Wala, huwag kang magalit. No expensive cars.

Sabi ko kay Bello, 'yung mga Mercedes Benz mo iwan mo. Magbili ka lang ng Wigo. [laughter]. Hindi totoo. Pero ito naman si... taga-Isabela 'to. Puro halos Ilocano 'to lahat pala, totoo lang. Delfin, Ilocos Norte. Si... 'yung Bello. Puro Ilocano.

Ang kara --- dalawa lang ata kaming Bisaya sa Gabinete, karamihan mga ex-military men. Kasi madali utusan.

Hindi 'yan sabihin mo na pabor-pabor. Kasi minsan ang... You know, 'yung [unclear] kasi. Ang hina talaga. Eh ako naman 'pag sinabi mo, "Ilan ka lang diyan?" "Six years." "Ilang na lang naiwan?"

'Pag sinabi mo, gawain mo 'yan. Tingnan mo Marawi, General del Rosario. Sabi ko, "Gawain mo." Ilang bahay kaagad, nandianyan.

'Yung iba nakipag-debate pa sa iyo. Anak ng... Tumahimik nga kayo. Kaya karamihan diyan mga ex-military, 'yung --- ayan nagtatrabaho.

'Yang sa Boracay, reklamo sila sinarahan ko. inunahan ko. 'Pag naligo... Sino taga-Boracay dito? 'Pag naligo, maganda lang ang beach kasi white. That's the only attraction. Amoy, 'yung hotel, ang drainage nandianyan.

So I said --- Pagpunta ko ng eleksyon, ang baho, 'yung hangin. Sabi ko, "ano ba 'to? Amoy ito ng tao o?

Kaya sinirahan ko talaga because it will destroy the place forever kung hindi ko gawain. [applause] Wala nang pakinabang ‘yung mga anak nila.

So magggawa na tayo ng ibang beach, andiyan naman si Arthur. Ito, kalahati ng... si tatay niya kalahati ng Bohol kanila eh, ‘di maggawa tayo ng white beach doon. Dyobos lang naman ‘yan. [laughter]

I-dyobos natin, oo. [unclear] ‘di puti na. ‘Yan ang 75. Pagka-75 ka, ganun lang ang solusyon eh. Eh ‘di i-dyobos mo. Bili tayo ng isang barkong dyobos eh ipaghalo.

Kaya ‘yung iba ‘yan, ang mga valedictorian, ay sus. Valedictorian. Ito, sa PMA, ‘yung --- si General Lorenzana, he’s a valedictorian. From North Cotabato ang --- nag-migrate ‘yan. [asks Lorenzana: Pikit ka sir ‘no?] Parang.

Bebot, Davao but Isabela. Tabaquero, I think is also an Ilocano. So dalawa lang kami halos Bisaya diyan pero ‘yan ang composition. Walang... Puro valedictorian ‘yan ha, mga bright ‘yan. Puro --- nakalinya ‘yan, 90, 90, 90 ‘yan sila. Ako 75 lang. [laughter]

Eh ang problema ngayon, ‘yung mga valedictorian trabahante ko lang. [laughter]

Kaya ‘yung anak ninyo, huwag mo na masyadong... kagaya ng nanay ko. Lalo na pagdating ng grado bagsak ako lahat, bugbog ako sirado. Mag-ganun pa sa altar.

Kaya ‘yan si Hesukristo, talagang kilala ko ‘yan, naka-ganun ‘yan noon. [laughter]

Tapos sa katagalang ko sa kanya, gumanon sa akin o. Sabi niya, “mabuti ka pa kay matapos ka, ilang oras ka lang diyan. Ako dito, p***, matagal ako.” Kaya naka-ganun ang isang kamay, kay pagod na.

Now, if you believe in God, there is no need for any ceremony. Kaya nga at 73 years old, I have had my faults, plenty.

But if you want an enduring and forgiving God, all you have to do is to... huwag ka ng magdaan ng mga pari, pari diyan.

Wala ‘yan, walang pakialam sa kung anong kasalanan mo. Mag-eenjoy pa tuloy ‘yan. [laughter] “O, go ahead, go ahead, go ahead, what else?” Enjoy pa. Go to God straight. [cheers and applause]

Diretso ka na. Pero kung may gusto kang mga marunong magsalita, you go there for the words of wisdom but not really ‘yung ano mo, pagka-Kristiyanos mo o pagka-Islam mo. Just believe in God.

Ako, ako maski saan dala-dala ko ang simbahan ko. Alam mo ang simbahan ko, sa totoo lang? Kayo. Totoo. [applause]

Kaya ang... Ako trabaho-trabaho. Add tingnan mo, look at again. I would like to remind you: Think of it, sleep on it, ano ang nagkulang ako?

Corruption? Alam naman ninyo... Drugs? Makukulong na lang nga ako eh. I'm talking to the communists. I'm talking to the Muslim insurgency problem. Tapos itong pakisama ko ngayon sa lahat, especially with China.

So with this, I'd like to thank you for your presence. Most of all, I'd like to thank people and the government of China for being so good to us.

Maraming salamat po. [applause] Maayong gabii kaninyong tanan. [applause]

Yes, I was just reminded. 'Yung --- I'm very sad to hear na si Larry Sevilla, the vice president of the Duterte Alliance [unclear] in Hong Kong, died. [Nandoon na ba sa Pilipinas? Nandito ang pamilya?]

Well, let me condole the --- in behalf of... Nauwi na 'yung body. So --- Ikaw, Sara, Inday, magsalita ka, magsalita ka sandali. Ikaw lang ang mag-goodbye.

---END---

Source: PCOO-PND (Presidential News Desk)